**International Journal of Research Studies in Education**
2024 Volume 13 Number 15, 17-24




# Kalagayan ng wikang Filipino sa Cebu Normal University

Sumili, Charlie Job Debuayan ✉
*City College of Cagayan De Oro, Philippines (sumilicj@gmail.com)*
*Mindanao State University-Iligan Institute of Technology, Philippines*
Aron, Kristine H.
*Mindanao State University-Iligan Institute of Technology, Philippines (Kristine.aron@g.msuiit.edu.ph)*

ISSN: 2243-7703
Online ISSN: 2243-7711

**Received**: 29 July 2024 **Revised**: 25 September 2024 **Accepted**: 1 October 2024 OPEN ACCESS
**Available Online**: 1 October 2024 **DOI**: 10.5861/ijrse.2024.24816

***Abstract***

The efficacy of an instructional medium is contingent upon the ability of educators, administrators, teachers, and users in terms of how well they integrate and apply it into their daily lives. In other words, for a language to be useful for learning, its users and its language must be harmonized. These kind of problems arise while creating a language policy, which is something that can only be accomplished with expert and methodical efforts toward learning and educational improvement. The study will focus on the challenges faced by the language in the current curriculum, its status as a medium of instruction, and the state of Filipino usage graduating students. The paper uses a quantitative research design, involving the distribution of questionnaires to participants. After a thorough investigation it revealed that Filipino language is well-integrated into Cebu Normal University's curriculum. Across all programs, language instruction remains a fundamental component of the curriculum. But it also confronts challenges to education because of CHED changes that have an impact on two colleges and three specific programs. Furthermore, students' comprehension of language problems is inadequate and not fully addressed. According to alumni, Filipino is actively used in the aforementioned courses (BSEd Filipino, BA-Filipino, and BSEd Social Sciences); nonetheless, there is little assistance available for their industry-related personal and professional development.

***Keywords:*** language planning, policy, Filipino, education, language

© The Author(s) / Attribution-NonCommercial-NoDerivs CC BY-NC-ND

# Kalagayan ng wikang Filipino sa Cebu Normal University

## 1. Abstract sa Filipino

Ang bisa ng wikang panturo ay nasa kakayahan ng administrasyon, mga sangay at sektor pang-edukasyon, mga guro at ng iba pang indibidwal na gumagamit nito, kung paano ginagamit at tinatangkilik tungo sa kabisaan sa pang-araw-araw na pakipagkomunikasyon. Nangangahulugan na ang tao at ang wikang kanyang ginagamit ay kailangan magkaisa upang maging mabisa ang isang wikang pambuklod sa pagkatuto. Ito ay bahagi ng pagbuo ng pagpaplanong pangwika na makakamit lamang kung may kasanayan at sistematikong pagganap ang mga kasangkot sa pagpapaunlad ng edukasyon. Bibigyan ng pansin sa pag-aaral ang pagdalumat sa mga kinakaharap ng wika sa kasalukuyang kurikulum; kalagayan ng wika bilang pampagtuturo; at ang estado ng wikang Filipino sa larangan ng mga estudyanteng graduwado. Ang pag-aaral ay gumagamit ng quantitatibong disenyo ng pananaliksik sa pamamagitan ng pagpapamudmod ng mga talatanungan. Matapos ang pagsusuri, natuklasan na nailagak nang maayos ang wikang Filipino sa kurikulum sa Pamantasan ng Cebu Normal. Patuloy ang pagtuturo ng wika bilang isa sa bahagi ng kurikulum ng mga mag-aaral ng CNU sa tanang programa. Natuklasan na ang wika ay nakaharap sa bantang pang-edukasyon dala ng pagbabagong ipinapatupad ng CHED sa dalawang kolehiyo at sa tatlong piling programa. Makikita na limitado at hindi gaanong naisasakatuparan, naisasaalang-alang ang kaalaman ng mga estudyante hingil sa usaping pangwika. Ang Filipino ay lubhang kapakipakinabang sa mga kursong nabangit (BSEd Filipino, BA-Filipino at BSEd Social Sciences) sa tugon ng mga graduwado ngunit, may kakulangan sa personal at propesyonal na pag-unlad dala ng industriyang kinabibilangan.

***Mga Susing Salita***: pagpaplanong pangwika, polisiya, Filipino, edukasyon, wika

## 2. Introduksyon

Ang kahalagahan at pagiging kritikal ng wika sa proseso ng pagkatuto ay pinaniniwalaang nasa kamay ng mga mamamayan. Ayon kay Espiritu (2009), ang tagumpay ng isang wikang panturo ay nasa kakayan ng administrasyon, mga sangay at sektor pang-edukasyon, mga guro at gumagamit nito kung paano ginagamit at tinatangkilik tungo sa kabisaan sa pang-araw-araw. Nangangahulugan lamang na ang tao at ang wikang kanyang ginagamit ay kailangan magkaisa upang maging mabisa ang isang wikang pambuklod sa kanyang pagkatuto. Ayon kay Urciouli (2008) ang bawat indibidwal ay may taglay na maraming kakayahan sa isang wika o komunikasyon na nasusukat at napapaunlad sa tulong ng pagpaplano. Mahalaga ang ginagampanan ng wika bilang lundayan ng pakikipag-ugnayan at pakikipagkalakaran lalo na sa usaping transaksyunal at pang-edukasyon.

Ang pagpaplanong pang-wika ay isa sa mga usaping binibigyang tuon ngayon sa lahat ng pamantasan. Ayon kay Alvarado (2021), napakahalagang bigyang pansin ang gamit ng wika sa mga gumagamit nito nang sa gayon matamo ang pansariling kalinangan at mapaunlad ang karunungan ng mga mag-aaral, iskolar, dalubhasa, administrador, at ang buong namamahala ng pamantasan. Winika ni Fishman (1974), ang wika gaya ng iba pang pangangailangan at serbisyong panlipunan, ay kailangang pagtuunan ng pansin, panahon at pag-aaral upang epektibong magamit ng mga mamamayan sa kanilang pang-araw-araw na pamumuhay lalo at higit para sa normal, madali at episyenteng komunikasyon. Ang pagtatakda ng mga gawaing pagpapalanong pangwika ay isa sa mga sandalan tungo sa ikakatatag nito bilang wikang panturo at pangkomunikasyon lalo na sa usapin ng Wikang Filipino bilang panturo at sa prosesong transaksyunal. Patuloy na pinapaigting ang pagsulong sa Wikang Filipino bilang wikang nagbubuklod at pampagtuturo sa akademiko. Ayon kay Constantino (1991), ang Filipino ay hindi lamang wikang kinakabisado na ginagamit sa pag-aaral at pagtuturo, bagkos, mahalaga din ang ginagampanan nito sa malawakang transaksyunal na gawain gaya ng komersyo at iba pang mga larangan. Kung bibigyan ng pagpapalalim, ang usaping pangwika lalo na ang Filipino ay kailangan isulong bilang gamit sa mga

larangan at hindi lamang bilang isang asignaturang mandato na kinukuha sa elementarya, sekondarya at tersarya. Maliwanag itong binigyang turan ni Bacalla (2019), na ang wika ay pagpapanatili ng bigkis ng pakikipag-unayan hindi lamang sa isang larangan kundi sa multi- kultural na larangan na nag-uugat sa mataas na antas ng pampagkatuto at pagtamo. Noong Oktubre 26, 1994, idinaos ang isang pulong sa panawagan ng UP Sentro ng Wikang Filipino para tipunin ang mga pinuno at kinatawan ng ilang departamento ng Filipino sa mga piling kolehiyo at unibersidad sa kamaynilaan. Nilayon ng buklurang ang estandardisasyon ng mga patakaran ng wika sa iba't ibang kolehiyo at unibersidad na tinitingnan bilang bahagi ng pagsusulong at pagpapaigting ng usapin ng wika na higit pa bilang isang asignatura. Dagdag ni Villanueva (2000), direktang apektado ng usaping pangwika ang kurikulum. Ang pagpapatupad at pagsulong ng wika ay makikita sa pag-angat ng ibat ibang larangan gaya ng edukasyon, usaping propesyon at komunikatibo.

Sa pag-aaral nina Alvarado (2019), tinumbok nila nag pagpaplanong pangwika na kasalukuyang isinasakatuparan ng Cebu Normal University. Napag-alaman na walang pagpaplanong pangwika ang unibersidad subalit bukas ang administrasyon at mga respondente ng pag-aaral na magsagawa at magpatupad ng pagpaplanong pangwika. Natuklasan din sa kinilang pag-aaral na bagaman ang wikang Filipino ay ginagamit sa kanilang pakikipag-ugnayan ay hindi ito gaano gamit sa pakikipagtalastasan at kung may gumagamit man ay yaong mga kumukuha lamang ng pagpapakadalubhasa sa Filipino gaya ng Batsiler ng Sining at BSEd Filipino dahil sa pagiging multi-linggwal ng unibersidad. Dahil dito, matatawag na mahina ang kalagayan ng wika hindi lamang bilang wikang panturo, pangkomunikatibo kundi maging wikang panlarangan. Ito ang nagmulat sa mananaliksik na isagawa ang kasalukuyang pag-aaral dahil sa kagustuhan nito matutukan ang estadong pangwika ng CNU sa mga kursong kinakapalooban nito. Parte ng pagkatao ng mananaliksik ang pamantasan dahil dito siya nagtapos ng kanyang bastsiler hanggang sa kanyang masterado saan siya ay kasalukuyang gurong tagapagturo. Layunin ng pag-aaral na ito na alamin ang kasalukuyang kalagayan ng wikang Filipino sa Cebu Normal University. Bibigyan ng pasin sa pag-aaral ang pagdalumat sa mga kinakaharap ng wika sa kasalukuyang kurikulum; kalagayan ng wika bilang pampagtuturo; at ang estado ng wikang Filipino sa larang ng mga estudyanteng graduwado. Mahalaga ang pagsuri sa mga nabanggit bilang gabay ng pamantasan sa makabagong kurikulum at polisiyang pangwika. Makakatulong ang kasalukuyang pag-aaral upang makagawa ng hakbang ang Sentro ng Wika ng Cebu Normal University upang patuloy na magbigay ng dunong at mapanatili ang kalidad ng edukasyon sa pagsusulong ng Wikang Filipino lalo na sa mga estudyanteng kumukuha dito bilang medyur.

## 3. Related Literature and Studies

Ayon kay Aganon (2022), ipinapakita na ang planong pangwika na nakatuon sa pitong komponent: kaguruan, kurikulum, instruksiyon, pananaliksik, ekstensiyon, produksiyon, at ko-kurikular na gawain. Ang mga planong ito ay kinakailangan upang mapanatili at mapaunlad ang wikang Filipino sa akademya. Napag-alaman na mahalagang bahagi ng pagpapayabong at pagsusulong ng wika sa akademiya ang pagpaplano bilang unang hakbang batayan ang pitong komponents nito. Dagdag pa sa pag-aaral ni De Leon (2020), napatunayan na ang pakikilahok sa mga kumbensiyong konstitusyoonal ay isang mabisang paraan upang makabuo ng progresibo at mabisang pagpaplanong institusyonal ng wikang gagamitin pang-akademiko.

Ayon kay Santos (2019), ang Sentro ng Wikang Filipino (SWF) sa Unibersidad ng Pilipinas Diliman ay nagtagumpay sa pagpapaunlad ng wikang Filipino sa kabila ng mga hamon tulad ng kakulangan sa pondo. Gamit ang SWOT analysis, naipakita ang mga programa at sistematikong hakbang ng SWF na nakatuon sa pagpapayaman ng terminolohiya at publikasyon. Ipinahayag ng pag-aaral na ang SWF ay may mahalagang papel sa pagsusulong ng pambansang wika at dapat palakasin ang paggamit ng online platforms upang maabot ang mas maraming tao. Kung gayun, ang pagsusulong ng isang wikang pang-akademiko ay hindi lamang limitado sa mga paaralan at mga pamantasan bagkus, ito ay isang pambansang gawain na kailangan bigyang pansin para sa ikasusulong ng isang mabisang komunikasyon at sistematikong pagpapaunlad ng wikang Filipino. Ang papel ni Lopez (2019), ay isang pagsusuri na tumatalakay sa integrasyon ng Edukasyong Pangkalikasan sa kurikulum ng Edukasyong Filipino. Natuklasan na mataas ang kaalaman na pagtamo at kasanayan ng mga estudyante matapos

ang mga aralin gamit ang integrasyon. Pinapatunayan lamang nito na ang kabisaan ng pagkakaroon ng isang planadong wikang pang-akademiko sa pagtuturo ay nagbubunga ng mataas na antas na pagkatutong panlahat.

Dagdag pa, ayon kay Villegas (2022), ang kolaboratibong pagkatuto ay may positibong epekto sa akademikong pag-unlad at ugnayang sosyal ng mga mag-aaral. Sa pag-aaral ni Santos (2019), tinukoy ang mga isyu ukol sa wika sa sistemang edukasyon sa Pilipinas sa konteksto ng globalisasyon at neoliberalismo. Natuklasan na mayroong direktang epekto ang pagkakaroon ng patakarang pangwika at edukasyon, na nagbigay ng pang-unawa sa mga hamon na kinakaharap ng mga guro at mag-aaral sa kasalukuyang panahon.

Natukoy sa pag-aaral nina Hernando et al. (2023), sinuri ang ugnayan ng kakayahan sa pagtuturo ng guro at kaganyaan ng mga mag-aaral sa UM Panabo College at natuklasan na may makabuluhang ugnayan sa pagitan ng kakayahan ng guro (grand mean na 4.49) at kaganyaan ng mag-aaral (mean na 3.97) kapag mayroong planadong wika na gagamitin sa pagtuturo. Kaugnay nito ay ang pag-aaral ni Hicana et al. (2024), na sinuri ang kurikulum ng Edukasyong Pangwika-Filipino at natukoy nito ang mga kahinaan at kalakasan ng programa. Iminungkahi ang mas mabisang kontribusyon sa pagpapaunlad ng kurikulum at ang paglalaan ng oras sa pagsasaliksik. Dagdag niya, kapag hindi makabuo ng matibay na pagsusulong ay tuluyan na maiwawaksi ang wikang Filipino bilang gamit sa pagpapaunlad ng kaalaman.

Ang mga naunang pag-aaral na tinalakay sa itaas ay nagpapakita ng mga hamon at pagkakataon sa pag-unlad ng wikang Filipino sa konteksto ng edukasyon. Mula sa pagpaplanong pangwika hanggang sa implementasyon ng mga programang pang-edukasyon, ang mga salik na nakakaapekto sa paggamit at pag-unlad ng wika ay patuloy na nagiging mahalagang tema. Sa pamamagitan ng masusing pagsusuri sa kalagayan ng wikang Filipino sa Cebu Normal University, ang pag-aaral na ito ay naglalayong magbigay ng konkretong rekomendasyon para sa pagpapabuti ng mga programa at hakbangin na makapagpapalakas sa paggamit ng wikang Filipino sa akademikong larangan. Ang mga natuklasan mula sa mga naunang pag-aaral ay maaaring magsilbing batayan sa mga susunod na hakbang upang mapanatili ang wika at mas mapalago ang kasanayan ng mga mag-aaral sa Filipino.

### *3.1 Objective of the study*

Layunin ng pag-aaral na alamin ang kalagayan ng Wikang Filipino sa Cebu Normal University. Tinitiyak nito na masagot ang sumusunod. Maalam ang kalagayan ng wikang Filipino sa Cebu Normal University (CNU) ayon sa sumusunod: Ang wikang Filipino sa mga programa ng College of Teacher Education; at Ang wikang Filipino sa mga programa ng College of Arts and Sciences. Madalumat ang kasalukuyang kinakaharap ng wika sa bagong kurikulum; at Masipat ng kalagayan ng wika sa mga piling larang ng mga estudyanteng graduwado ng Cebu Normal University.

## 4. Materials and methods

***Lugar ng Pag-aaral*** **-** Isinagawa ang pag-aaral sa Cebu Normal University. Natamo ng CNU noong ika-27 taong 1998 ang katayuan ng pamantasan bilang unibersidad sa ilalim ng Senate Bill 2320 na nilagdaan ni dating pangulong Fidel V. Ramos.Dito rin itinatag ang Sentro ng Wika sa rehiyon pito o mas kilala sa tawag na Sentro ng Wika at Kultura o SWAK. Masasabing malayo na ang narating ng CNU sa kasalukuyan sa iba't ibang larangan; instruksyon, pananaliksik, esktensyon at publikasyon upang patatagin ang bisyon na isang matatag na bansa. CNU ang nangunguna sa larangan ng edukasyon sa Metro Cebu maging sa buong rehiyong pito. Ginawaran bilang Center for Excellence ang dalawang kolehiyo gaya ng Kolehiyo ng Teacher Education taong 2016 at Kolehiyo ng Nursing taong 2015. Kauna-unahang pamantasang sa Pilipinas na nagtamo ng Level IV Accredited ang Kolehiyo ng Teacher Education ng AACCUP.

***Kalahok ng Pag-aaral*** **-** Ang mga respondente na kinuha sa isinagawang pag-aaral ay ang mga mag-aaral sa Cebu Normal University, mga guro, at mga piling gradwado ng pamantasan sa iba't ibang larangan. Minabuti ng mananaliksik na gumawa ng liham pahintulot sa isinagawang pag-aaral at nagpadala ang mananaliksik ng email

sa mga piling graduwado ng pamantasan.

***Paraan ng Pangangalap ng Datos -*** Ang pag-aaral na ito ay gumagamit ng quantitatibong disenyo ng pananaliksik sa pamamagitan ng pagpapamudmod ng mga talatanungan sa mga respondents ng pag-aaral. Ang mga sagot ng tagatugon ay itinala at binilang sa tulong ng pagkuha ng bahagdan o sa pormulang ito: N x 100 = . Binigyan ang mga ito ng kabuuang pagpapakahulugan alinsunod sa lumabas na mga kasagot.

## 5. Result and discussion

Sa kabanatang ito ay matutunghayan ang paglalahad sa mga nalikom na mga datos ayon sa suliranin ng pag-aaral. Ilalahad dito ang mga nalikom na kasagutan mula sa mga tagatugon ng pag- aaral; mga estudyante, mga guro at mga piling graduwado sa pamantasan ng Cebu Noral na kasalukuyang nagsisiganap sa kaning mga napiling larang.

**Talahanayan 1**
*Ang Kalagayan ng Wikang Filipino*

| Kalagayan ng Wika sa Dalawang Kolehiyo (CTE at CAS) | Naisasaka tuparan | Di- naisasakatu paran | Di-Tiyak |
|---|---|---|---|
| Mahigpit na pinapatupad ang paggamit ng wika sa mga asignatura at kurso. | 5% | 63% | 32% |
| Naisasakatuparan ang paggamit ng wika sa mga pagtuturo. | 45% | 35% | 5% |
| Naisasalang-alang ang Wika sa asignatura at programa. | 50% | 50% | 0 |
| Bahagi ng mga mga programang inofer ang wika. | 0 | 50% | 50% |
| Ginagamit sa talakayan at pagpapahayag ang wika bilang midyum. | 40% | 60% | 0 |

Batay sa talahanayan bilang 1, maliwanag na hindi klaro ang usapin ng Wikang Filipino sa dalawang Kolehiyo ng Cebu Normal University. Masasabing ito ay nabibigyang pagpapahalaga lalo na sa mga kurso o asignaturang inioofer ng pamantasan dahil sa reyalidad nito ay tanging mga medyur sa Filipino lamang ang gumagamit ng wika. Ayon kay Villaver (1986) ang pagkakaroon ng tamang oryentasyon sa wikang gagamitin ay nakakatulong upang malaman ang tamang gamit ng wika at matutuhan kung paano gamitin ito. Dagdag pa ni Ruiz (1984) ang oryentasyon sa wika ay natitiyak ang nararapat na wika sa lipunan. Mahalagang magkaroon ng pagtuon sa pagpapalaganap ng paggamit ng wika lalo na sa mga kurso at mga asignaturang kinabibilangan ng mga estudyante sa CNU. Sa mga usaping ito ay marapat lamang na pag-usapan kung paano matataguyod ang wika tungo sa mga larang na pinipili ng mga estudyante lalo na sa ibang mga programa. Ang maayos na pagpapalano sa kurikulum ay nararapat sapagkat layunin ng mga pamantasan at kolehiyo na makadebelop ng mga indibidwal na aarangkada sa industriya na may kasanayan sa pakikipagtalastasan at komunikatibo.

Sa isinagawang sarbey ay kapuna-puna na taglay ng mga respondente ang kaalaman sa programang kinuha ngunit hindi napapatupad ang paggamit ng wikang sa mga talakayan at mga gawain. Matutunghayan sa talahanayan na mababaw ang pagpapatupad at nanganganib ang kalagayan ng wika dahil hindi masyadong nabibigyan ng pangil. Dito pumapasok ang mga natuklasan nina Alvarado et. al (2021), naging mababaw ang usapin ng pangwika sa pamantasan dahil walang pagpapalanong pangwika ito. Mahalaga ang pagpaplanong pangwika dito sapagkat ito ay nagsisilbing gabay sa mga kurso, asignatura at mga programang nangangailangan ng tuon sa pagpapatupad lalo na sa wikang Filipino bilang bahagi ng programang kinukuha ng mga estudyante. Sa datos na nakalap, 32% ang tumugon na hindi sila tiyak dala narin ng code-swiching na nagaganap sa pamantasan. Ginagamit bilang behikulo ng pakikipag-ugnayan ang Sebuwano at English bilang auxiliary o pantulong na mga wika sa pagpapahayag ng kaisipan maliban sa Filipino. May 63% ng mga respondente ang nagsasabing walang pagsasakatuparan ng paggamit ng wika sa mga pagtuturo dahil sa kawalan ng pangil at pagpapatupad lalo na sa mga talakayang nagaganap sa mga klase. Napag-alaman ng mananaliksik na sa halip na Filipino ay mas gamit sa pamantasan ang wikang Ingles lalo na sa mga kumukuha ng kursong Social Sciences dahil sa saklaw ng mga babasahin at mga materyalis na gingamit sa kurso. Mas madali ang mga talakayan at mga pagpapalawak sa kaalaman lalo na kung ang resources nito ay mga nasa wikang Ingles.

Ayon kay Yu (1994), ang pagkakaroon ng malawak na pagkukunan ng ideya sa mga akda at mga reference

sa akademya ay mahalagang maisulong upang magkaroon ng tulay ang mga nagpapakadalubhasa sa wika. Mahalagang usapin dito ang mga babasahin, reference at pinagkukunan dito. Kung maitatawid sana ang mga ito sa wikang Filipino ay magkakaroon ng danas ang mga mag-aaral sa wika. Bagaman sa reyalidad ng kakulangan, 5% ang nagsasabing naisasakatuparan parin ang paggamit ng wika sa mga asignatura at kurso dahil sa mga gurong nagtuturo. Nilalayon ng mga guro lalo na sa Departamento ng Filipino ang pagsulong ng pagtuturo gamit ang wika Filipino sa mga talakayan upang mahasa ang kasanayan ng mga estudyante na nagpapakadalubhasa sa larangan ng edukasyon at komunikatibo. Layunin ng pamantasan na maisulong ang pagiging global kompetitib ng mga gradwado ng pamantasan upang makaarangkada sa pangangailangan ng industriya at maging buong saklaw ng kurso.

Mula sa datos na nakalap, maituturing na ang kalagayan ng Wikang Filipino sa Cebu Normal University mula sa dalawang kolehiyo at sa tatlong piling programa ay sadyang nakakabahala. Makikita sa datos na hindi gaanong naisasakatuparan, naisasaalang-alang at limitado ang kaalaman ng mga estudyante sa mga programang nag-oofir ng asignatura hinggil sa wika dulot nang hindi pagkakaroon ng pagpaplanong pangwika ng pamantasan bilang sandigan. Natuklasan din na tanging ang mga nagpapakadalubhasa lamang sa wikang Filipino gaya ng BSEd Filipino at Batsiler sa Sining ang lubos na gumagamit sa wika bilang kurso at gamit sa pagkatoto. Sa kabliang banda, ang mga estudyante sa kursong BSEd Social Sciences naman ay malimit na lamang na gumagamit ng wikang Filipino.

Ang talahanayan 2.2 sa ibaba ay nagpapakita ng datos hingil sa kasalukuyang kinakaharap ng Wikang Filipino sa makabagong kurikulum.

**Talahanayan 2**
*Ang Kinakaharap ng Wika sa Bagong Kurikulum*

| Pagpapatupad ng Wika | Oo | Hindi | Hindi-Tiyak |
|---|---|---|---|
| May pagpapalanong pangkurikulum ang pamantasan | 100% | 0% | 0% |
| Imbeded ang wika bilang bahagi ng kurikulum | 95% | 0% | 5% |
| Bukas ba ang pagpapatupad nito sa lahat | 90% | 0% | 10% |
| Gamit ang wika sa larangan | 45% | 45% | 10% |
| Nanganganib sa bagong kurikulum | 80% | 20% | 10% |

Makikita sa talahanayan 2.2 ang kasalukuyang kinakaharap ng Wikang Filipino sa pamantasan ng Cebu Normal. Makikita sa itaas na bagaman sa kinakaharap ng pagbabago ng kurikulum sa K to 12, matibay ang pundasyon ng CNU sa pagkakaroon ng pagpaplanong pangkurikulum. Ayon kay Lumbera (2013), ang mga pamantasan ay kailangan ng matibay na binti kung nais na maisulong ang wikang Filipino bilang bahagi ng kurikulum tersarya alinsunod sa batas ng konstitusyon. Ang pagsusulong ng wikang Filipino sa pamantasan ng CNU ay isang hakbang ng mga guro at administrador nito upang mapanatili ang pagtuturo at pag-ofer ng wika sa kabila ng pagpapatupad ng CHED sa kanilang CMO Blg. 20 Serye 2013. Makikita rin na imbeded ang wika sa mga programang ini-oofer ng CNU sa lahat ng lebel mula unang taon hanggang mag-gradweyt. Ito ay nakakatuwang parte sapagkat nabibigyan puwang parin sa kurikulum ng ilang mga pamantasan gaya ng CNU ang pagtuturo ng wika. Bukas sa pamantasan ang pagpapatupad sa naturang hakbang at sa katunayan ay nagsagawa ang pamantasan ng taunang pagtitipon kasama ang CHED R-VII upang e-rebiset ang mga kursong offered ng pamantasan. Sa naganap na pagtitipon ay naging bahagi ang mananaliksik bilang graduwado sa pamantasan at stakeholder sa larangan ng programang Batsiler ng Sining. Bukas ang mga guro at ibang mga stakeholders sa isinagawang pagsusulong sa pagkakaroon ng Filipino sa kurikulum ng CNU bilang isa sa mga kursong kukunin ng mga estudyante. Bagaman, may iilan ring nagbigay ng kanilang mga hinaing hinggil dito dulot ng tinatawag na paulit-ulit ang tinatalakay. Kung kaya, nagkaroon ng makabagong kurs offer ang Filipino sa CNU bilang General Education sabjek at binago ang pokus ng kurso alinsunod sa mga kahingian at panukala ng CHED.

Parehong nakakuha ng pantay na 45% ang pagiging gamit ng wika sa larangan. Nagpapakita ito na may pantay na pagtanaw ang mga respondente ng pananaliksik hingil sa usaping kurikulum ng wikang Filipino. Karamihan sa nagsasabing gamit na gamit ito ay ang mga kumukuha ng pagpapakadalubhasa sa Filipino at mga

gurong nagtuturo. Sa kabilang dako, ang mga mag-aaral sa BSEd Social Sciences at mga gurong nagtuturo sa ibang wika ang nagbigay ng kanilang pagtingin na hindi gaanong gamit ang wika dala ng kahingian ng bawat larang sa industriya. Ayon sa datos na nakuha noong 2018, mas gamit ang wikang Ingles at mas tinatangkilik ng mga investor at mga kompanya. Lumabas din sa sarbey na ang pagyabong ng mga call center companies ang mga pangunahing dahilan kung bakit tinitingnan na mas gamit ang Ingles maging sa kasalukuyan. Sa pagpapalalim, mapurol ang pag-unawa ng bawat isa sa gamit ng wika sa pakikipag-ugnayan at pakikipagtalastasan. Ang ganitong pagtingin ay binigyang diin ni San Juan (2017), ang pagiging mahina ng Filipino sa kurikulum ay dala ng mababang tingin ng mga Pilipino lalo na sa ibang disiplinang nagtuturo. Malinaw na kung paano tingnan at pahalagahan ng tao ang wikang ginagamit ay may malaking impak ito sa ikatitibay at ikakasadlak ng wika. Dagdag ni Santos (2015), pantulong ang Ingles at iba pang wika sa Pilipinas sa Filipino upang mapayabong ang pagsusulong ng isang wikang pambansa na kakatawan sa lahat ngunit, dahil sa kolonyal na pag-iisip ng iilan nawawalan ng kinang ang wikang atin tungo sa global. Mahalaga na maintindihan ng bawat isa na ang kurikulum ay dapat maging tiyak at maliwanag sa usaping wika. Ito sana ay maging back-bone sa mga pamantasan na nagsusulong sa wika bilang isa at hindi hati sa kakayahan at kakanyahan. Ang masaklap na katutohanang ito ay naging mitsya ng patuloy na pagkakabilang ng wika sa laylayan. Makikita sa talahanayan na 80% ang nagsasabing nanganganib ang wika at 20% ang hindi. Hindi ito matatanggi dahil sa pagpapatupad ng CHED ng kanilang CMO Blg. 20 Seksyon 3 o ang Revised Core Courses. Bilang panlahat na pagpapatupad sa mga HEI’s panganib o banta ang CMO na ito kung kaya tinitingnan na nanganganib ang wika sa larangang pang-edukasyon. Dagdag nito, karamihan sa mga guro ay nababahala sa pagpapatupad dahil kawalan ito ng trabaho sa mga guro ng Filipino sa bansa. Mula sa datos maituturing man na sa bagong kurikulum ay may kinalagakan ang wika sa pamantasan subalit sa pagbabagong nagaganap lalo na sa mga panukala ng CHED hindi mawawaglit ang panganib nito.

Sa kabuuan, maliwanag na ang wika sa kasalukuyan ay nailagak sa bagong kurikulum na ipinapatupad ng Cebu Normal University. Natuklasan din sa bahaging ito na patuloy ang pagpapaigting ng mga guro at pamantasan sa pagsusulong ng wika bilang midyum sa komunikasyon, pakikipag-ugnayan at bilang bahagi ng mga kursong ini-oofer sa mga estudyante. Ang mga estudyanteng nagpapakadalubhasa sa wika ay nagpabatid na gamit na gamit sa larangang pinili ang Filipino bagaman, iilan sa mga respondente ay nagsaad na dahil sa global na kompetesyon mas nagagamit sa industriya ang Ingles kaysa Filipino.

Ang talahanayan 3 ay matutunghayan ang kalagayan ng wikang Filipino sa piling mga larangan mula sa mga estudyanteng nagsitagpos sa Cebu Normal University.

**Talahanayan 3**
*Kalagayan ng Wika sa mga Piling Larangan*

| Wika sa Larangan | Sumasang- ayon | Hindi Sumasang-ayon | Hindi Makapagpasya |
|---|---|---|---|
| Nagagamit sa larangan na napili | 100% | 0% | 0% |
| May pangangailangan sa propesyon | 65% | 35% | 0% |
| Nagbubukas ng mga oportunidad | 50% | 40% | 10% |
| Tulay sa maayos na pagpapatupad ng mga gawain at programa sa teknikal | 45% | 45% | 10% |
| Nakapagdedebelop sa personal at propesyonal na kasanayan | 40% | 50% | 10% |

Lantad sa talahanayan 2.3 ang resulta sa kalagayan ng wika sa mga piling-larangan ng mga graduwado ng mga kursong BSEd Filipino, BSEd Social Sciences at Batsiler ng Sining sa Filipino. Mula sa datos sa itaas ay napag-alaman na 100% ng mga respondente ang nagsasabing sang-ayon sila na nagagamit sa kanilang mga napiling larangan ang wika. Nagpapatunay lamang ito na ang wika ay napagkakasunduan at natatangi sa tuwing ito ay hinahayaan na magamit sa larangan at mga lipunan. Ayon kay Almario (2019), upang makaigpaw ang wika, kailangang makasabay ito sa pagbabago ng panahon at magkaroon ng lakas na makipagsabayan sa global na komunikasyon. Malinaw na ang tagumpay ng wika lalo na sa mga larangan na napili ng mga graduwado ay naaayon sa kanilang kakayahan at pangangailan ng lipunan.

Matutunghayan naman na 65% ng mga respondente ang nagsasabing may pangangailangan ito sa kanilang larangan na napili. Mababa ito kaysa inaakala ng mananaliksik. Batay sa ginawang obserbasyon, nagkakaroon ng mababang pangangailangan dala ng globalisadong pagharap ng industriya sa pandaig-digang komersyo. May 35% sa mga respondente ang hindi sumasang-ayon dahil sa mga bagong usbong na mga industriya at pawang Ingles at ibang wika ang mga kwalipikasyong kinakailangan. Dala dito hindi maiiwasan na bumagsak ang mga disiplinang naghahanap ng mga matatas sa wika. Bagaman sa katotohanang ito, nagbubukas naman ito ng mga oportunidad lalo na sa usaping pagsasalin. Kinakitaan na ang mga graduwado sa mga nabanggit na kurso ay may mataas pa rin na employibilidad dahil sa patuloy na pangangailangan ng industriya. May ilan naman na nagsasabi na hindi ito nagbubukas ng bagong oportunidad dahil nangunguna parin ang Ingles bilang wika na ginagamit sa global na transaksyon lalo na sa komersyo.

Pantay naman ang nakuhang bahagdan sa maayos na pagpapatupad ng mga gawain at programa sa teknikal. Masisipat na may pantay na oportunidad ang mga graduwado sa teknikal pagpatupag ng mga teknikal na gawain gamit ang wikang pinili. Maituturing na sa makabagong panahon ay nagbibigyan na ng pagkakataon ang wikang Filipino na makipagsabayan sa usaping disiplina o mga larangan. May iilan naman na hindi nakikita ang kakayahan ng wika sa kanilang propesyon kaya hindi sila makapagpasya sa usaping ito. Nakitaan naman na 50% ang nagsasabing nakapagdedebelop sa personal at propesyonal na kakayahan ang wika sa kanilang mga larangan. Mula sa datos, hindi nagkakaroon ng malaking kakanyahan ang mga graduwado sa kanilang wika dahil karaniwang ginagamit pa rin bilang kahingian sa kanilang mga propesyon ang pagsusulat at pagsasagawa ng mga ulat sa wikang hindi kinasanayan. Ginagamit lamang ang wika bilang pantulong at minsan hindi ang gamit na gamit sa mga seminars at mga usapang propesyonal. May kakaunti ring oportunidad ang mga graduwado sa mga kurso na makalahok dala narin ng mga programang debelopment na hindi parallel sa kanilang larangan kaya, mababa ang personal at propesyonal na debelopment.

## 6. Conclusion and recommendation

Batay sa natuklasan, lumitaw na nailagak nang maayos ang wikang Filipino sa kurikulum ng pamantasan ng Cebu Normal batay sa tugon ng mga respondent. Patuloy ang pagtuturo ng wika bilang isa sa bahagi ng kurikulum ng mga mag-aaral ng CNU sa tanang programa. Natuklasan din na ang wika ay nakaharap sa bantang pang-edukasyon dala ng pagbabagong ipinapatupad ng CHED mula sa dalawang kolehiyo at sa tatlong piling programa. Makikita rin na hindi gaanong naisasakatuparan, naisasaalang-alang at limitado ang kaalaman ng mga estudyante hingil sa usapin. Ang wikang Filipino ay gamit na gamit sa mga kursong nabangit ayon sa tugon ng mga graduwado ngunit, may kakulangan ito sa personal at propesyonal na debelopment dala ng industriyang kinabibilangan.

## 7. References

Almario, Virgilo S. 2015. Pagpaplanong Pangwika at Filipino. KWF: SanMiguel Maynila

Alvarado et, al 2018. Pagdalumat sa Pagpaplanong Pangwika ng Pamantasang Normal ng Cebu.

Constantino, Pamela C. 2005. Filipino at Pagpaplanong Pangwika. SANGFIL

Ruiz, R. 2010. Reorienting Language-as-resource. In J.E.Petrovic (Ed.), International Perspective on Bilingual Education, Policy, Practice and Controversy.Charlotte, NC; Information Age Publishing. (Google Scholar).